



Tulong sa Pagbabayad ng Atrasadong Upa

Kung mawawalan ka ng iyong pabahay dahil hindi ka makapagbayad ng atrasadong upa, maaaring ikaw ay makakuha ng Tulong sa Pagbabayad ng Atrasadong Upa (Rent Arrears Assistance).

- Hindi kailangang ikaw ay may tinatanggap na benepisyo upang maging marapat para sa tulong na ito.
- Depende ito sa iyong kita at mga ari-arian (assets).
- Ito ay minsanang kabayaran lamang.
- Kakailanganin mong bayaran ang perang ito.

Sino ang makakakuha ng Tulong sa Pagbabayad ng Atrasadong Upa?

Maaari kang makakuha ng Tulong sa Pagbabayad ng Atrasadong Upa kung ikaw ay:

- may atrasadong upa na kailangan mong bayaran
- maaaring mapaalis dahil hindi ka nakapagbayad ng iyong upa
- maaaring manatili sa bahay matapos mong bayaran ang atrasadong upa
Halimbawa:
 - ang iyong pangungupahan ay hindi pa patapos
 - kaya mong patuloy na magbayad ng upa.
- nakalagda ka na sa kasunduan ng pangungupahan (o ikaw ay isang nangungupahan dahil sa isang kautusan ng Batas sa Karahasan sa Pamilya).

Kailangan ding ikaw ay:

- maging 16 na taong gulang o mas higit pa
- naninirahan sa New Zealand at nagbabalak na manatili rito
- maging kahit:

- isang mamamayan ng New Zealand, o
- isang permanenteng residente na naninirahan sa New Zealand nang mahigit pa sa dalawang taon, o
- tumatanggap ng isang pangunahing benepisyo, gaya ng Jobseeker Support (Suporta sa Naghahanap ng Trabaho).

Depende rin ito sa iyong kita at mga ari-arian.

Ano ang maaari mong makuha

Ang halaga ng iyong makukuha ay depende kung magkano ang hindi mo nabayarang upa. Ang pinakamalaking makukuha mo ay \$4,000 at ito ay kakailanganin mong bayaran.

Makukuha mo lamang ang kabayaranang ito nang minsan sa loob ng 12 buwan, maliban kung mayroong di-pangkaraniwang mga sitwasyon.

Kung maaaprubahan ang iyong aplikasyon para sa tulong sa pagbabayad ng atrasadong upa, karaniwan ay babayaran namin ang atrasadong upa nang direkta sa iyong landlord.

Paano ang pag-aplay

- Tawagan kami sa 0800 559 009
- Kung ikaw ay tumatanggap ng NZ Super o Veteran's Pension, tumawag sa 0800 552 002
- Kung ikaw ay tumatanggap ng Student Allowance o Student Loan, tawagan ang StudyLink sa 0800 88 99 00.

Pag-uusapan natin ang iyong sitwasyon at mag-aayos ng appointment upang ikaw ay makapag-aplay.

Alamin ang higit pa

www.workandincome.govt.nz/rentarrears